



MGA HANDLEBAR GRIP

PANGKALAHATAN

Numero ng Kit

55869-10, 56197-98A, 56199-98A, 56246-96A, 56254-09, 56263-96A, 56275-96B, 56405-08, 56443-00A, 56450-00A, 56459-01A, 56711-03, 56729-04, 56740-04, 56741-04, 56751-04, 56757-05, 56869-06, 56909-05, 57052-07, 57202-07, 57454-10, 56100007, 56100008, 56100009, 56100010, 56100029, 56100101, 56100112, 56100159, 56100160, 56100175, 56100232, 56100235, 56100356, 56100364, 56100379

Mga Modelo

Para sa impormasyon tungkol sa pagiging sukat sa modelo, tingnan ang P&A Retail Catalog o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (English lamang).

Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 2 at Talahanayan 1.

Kinakailangan ng Mga Karagdagang Piyesa

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

TALA

Ang pag-aalis ng switch ng kanang handlebar ay nangangailangan ng manwal ng serbisyo para sa modelo at taon ng iyong motorsiklo. Makakabili ng manwal ng serbisyo mula sa isang dealer ng Harley-Davidson.

PAGKAKABIT

TALA

- Kapag niruruta at isinasara ang Mga Modyul ng Kontrol ng Kanan at Kaliwang Kamay (R&LHCMs), i-verify na walang mga naka-pinch na wire. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
- Kapag nag-i-install ng Modyul para sa Kontrol ng Kanan Kamay (RHCM), i-verify na nakatakda nang tama ang throttle end play. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
- Bago alisin ang master cylinder sa harap ng preno, ipasok ang wedge upang protektahan ang switch ng preno. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
- Maingat na i-install ang clutch lever upang hindi masira ang clutch switch. Tingnan ang manwal ng serbisyo.

Alisin at Ikabit ang Kaliwang Grip

1. Tingnan ang Figure 1. Alisin ang dalawang turnilyo gamit ang mga flash washer at ikabit ang handlebar clamp (3) sa bracket ng clutch lever. Alisin ang clamp at iposisyon ang assembly ng hand lever ng clutch nang malayo sa handlebar.
2. Luwagan, ngunit huwag alisin, ang mga itaas at ibabang turnilyo ng housing ng switch (1).
3. Alisin ang takip sa dulo mula sa umiiral na kaliwang handlebar grip kung mayroon. Alisin ang grip sa pamamagitan ng maingat na pagtapyas dito mula sa handlebar gamit ang isang matalas na blade o kutsilyo.

TALA

Tiyakin na ang ibabaw ng handlebar at ang loob ng grip ay makinis, tuyo at nalinis nang husto at walang anumang dumi o natitirang pandikit.

▲ BABALA

Huwag i-lubricate ang hawakan ng handlebar sa kaliwa bago i-install. Kapag ni-lubricate ang hawakan, pwede itong matanggal habang nagmamaneho, na maaaring magresulta sa pagkawala ng kontrol at kamatayan o malubhang pinsala. (00315a)

4. Iposisyon ang bagong kaliwang grip (4) nang sa gayon ay nasa ibaba ang mas malaking flange (5). Idiin nang husto ang grip sa handlebar.
5. I-akma ang mga uka (2) sa outboard na panig ng itaas at ibabang housing ng switch sa ibabaw ng mga flange sa dulo ng grip, pagkatapos ay maluwag na ikabit ang mga turnilyo.
6. Iposisyon ang assembly ng hand lever ng clutch pa-inboard ng assembly ng housing ng switch, habang ikinakabit ang tab sa mas mababang housing ng switch sa uka o groove sa ibaba ng bracket ng lever ng clutch.
7. Ipantay ang mga butas sa handlebar clamp doon sa mga butas sa bracket ng lever ng clutch, at maluwag na ikabit ang dalawang turnilyo gamit ang mga flat washer. I-adjust ang housing ng switch at ang posisyon ng kontrol ng kamay ng clutch para sa kaginhawahan ng rider.
8. Higpitan muna ang itaas, pagkatapos ang ibabang mga turnilyo ng clamp ng handlebar.

Torque: 6,8–9 N·m (60–80 in-lbs) mga turnilyo ng clamp

- Higpitan muna ang ibaba, pagkatapos ang itaas na mga turnilyo ng housing ng switch.

Torque: 4–5,4 N·m (35–48 **in-lbs**) mga turnilyo ng housing ng switch




Figure 1. Housing ng Switch ng Kaliwang Handlebar

Alisin at Ikabit ang Kanang Grip

- Sumangguni sa manwal ng serbisyo para sa pag-aalis ng assembly ng housing ng switch. Kinakailangan ito upang ma-access ang mga kable ng throttle.
- Sumangguni sa manwal ng serbisyo upang idiskonekta ang mga kable ng throttle at alisin ang umiiral na kanang grip/assembly ng throttle sleeve. Pagkatapos alisin, tiyakin na ang dulo ng handlebar ay malinis at makinis.
- Sundin ang mga tagubilin sa manwal ng serbisyo upang ikabit ang bagong kanang grip/throttle sleeve sa handlebar at ikonekta ang mga kable ng throttle.

▲ BABALA

Bago paandar ang makina, siguraduhing ang throttle control ay bumabalik sa idle position kapag binitawan. Ang throttle control na pumipigil sa makinang awtomatikong bumalik sa idle ay maaaring humantong sa pagkawala ng kontrol, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00390a)

- Tiyakin na ang kanang grip/throttle sleeve ay umiikot at bumabalik nang malaya, at hindi kumakapit sa handlebar o housing ng switch.

MGA PAMALIT NA PIYESA

TALA

Karaniwang mabibili nang hiwalay ang karamihan sa mga takip sa dulo.

Masisira at natural na maluluma ang balat sa paglipas ng panahon. Maglagay ng Harley-Davidson mga produktong pangangalaga para sa balat alinsunod sa mga tagubilin ng mga ito upang makatulong sa pagpreserba ng leather lacing material.

Ang mga itim na billet grip sa Kit 56405-08 ay dinisenyo upang magpakita ng mga senyales ng pagkaluma. Sa paglipas ng panahon, matatapyas ang pintura at magmumukhang luma.

Ang mga silencer grip sa Kit 55869-10 ay maaaring linisin gamit ang Harley® Bright Metal Polish (H-D Piyesa Blg. 99725-89) o S100® Polishing Soap (H-D Piyesa Blg. 99779-04).

Para sa mga layunin ng paglalarawan, ipinapakita ang mga hand grip na pangkaraniwan ang estilo.

Kung hindi nakikita ang numero ng piyesa ng kit sa Talahanayan 1, hindi na maaayos ang takip sa dulo.




Figure 2. Mga Pamalit na Piyesa: Mga Handlebar Grip

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa

Kit	Item 3 (Takip sa Dulo) Numero ng Piyesa
56197-98A (Leather)	56193-98
56199-98A (Pig Skin)	56193-98
56246-96A (Chrome at Goma, Maliit)	56252-96
56254-09 (Tribal)	56769-09
56263-96A (Chrome at Goma, Malaki)	56252-96
56405-08 (Diamond Black)	56464-08
56443-00A (Billet, Manipis na Guhit)	56446-03
56450-00A (Billet, Malapad na Guhit)	56446-03
56459-01A (Contoured Chrome at Goma)	56480-01
56729-04 (Stealth)	56480-01
56740-04 (Bungo, Katamtaman)	56754-04
56741-04 (Bungo, Malaki)	56755-04
56757-05 (May Tahi)	56788-05
56869-06 (Knurled, H-D® Scripted)	56480-01
56909-05 (Flame, Kupas)	56656-02
57202-07 (Ironside)	56480-01
56100112 (Air Flow)	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay
56100159 (Itim)	56100205
56100160 (Chrome)	56100204
56100175 (Edgecut)	56100203
56100232	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay
56100235	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay
56100356 (Airflow, Itim)	56100168
56100364 (Bungo, Matte Black)	56100375
56100379 (Ride Free)	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay
TANDAAN: Ang mga hand grip (Item 1 at 2) ay HINDI ibinebenta nang hiwalay.	